TLE*

ruth arsenue

This work is produced by The Connexions Project and licensed under the
Creative Commons Attribution License †

Abstract

Lesson plan

Proposed Lesson Plan (Draft): Grade 6 EPP – Pag-aalaga ng Isda
Pahahalagahan: Pagpapasalamat sa Biyaya ng Diyos, Mapamaraan, Pagpapataas ng Produksiyon ng Pagkain

I. Layunin:

Pagkatapos ng aralin ang mga mag-aaral ay inaasahang:
A. Naipapaliwanag ang iba't ibang paraan ng pag-aalaga ng isda
B. Naipapaliwanag ang kahalagahan ng pag-aalaga ng isda
K. Nakapagpapakitang gawa ng isang pangkabuhayan dulot ng pag-aalaga ng isda
(maikling palabas, kanta, sayaw, tula, interbyu)
II. Paksa: Paraan ng Pag-aalaga ng Isda
Mga Batayang Aklat
Masayang Paggawa Maunlad na Pamumuhay 6 (Trongco atbp.)
pp. 159-169
Mga Gawaing Pangkabuhayan 6 (Guerrero at Casamayor)
pp. 157-167
Tayo'y Gumawa Tungo sa Kaunlaran 6
pp. 167-179
HELE 6 (Casas atbp.)
pp. 223-237
III. Mga Kagamitan
Tsart, Flashcard, Amplifier

I. Mga Gawain

Pagbati at Dasal
A. Pagbabalik-aral
1.Pagpapakita ng mga larawan ng hayop
2.Paglalahad ng mga bata ng mga kahalagahan at salik ng paghahayupan sa pamamagitan ng pag-uugnay ng mga kaisipan kung tama o mali
B. Pamukaw-sigla
Pagpapakita ng larawan ng yamang dagat

*Version 1.2: Jan 22, 2011 9:38 am -0600
†http://creativecommons.org/licenses/by/3.0/

Pagkukuwento tungkol sa apat na mangingisda sa lawa

Guro: Mayroon akong kuwento. Ito ay tungkol sa apat na mangingisda(Andres, Simeon, Santiago, at Juan) na nakatira malapit sa isang lawa. May iba't-ibang kagamitan silang dala sa pangingisda. Anu-ano kaya ito? Maaari ba kayong magbanggit ng isa sa mga kagamitan nila?

Mag-aaral:(may iba't-ibang kasagutan)

K. Paglalahad/Pagtatalakayan

Pagpapakita ng mga larawan sa pangingisda

Guro: Ito naman ang ilang paraan sa pangingisda.

Guro: Sa palagay ninyo, mahalaga pa rin ba ang mga isda sa panahong ito kahit na may mabibili naming ibang pagkain? Ang kabuhayan ng pangingisda?Bakit?

Mag-aaral:(may iba't-ibang kasagutan)

Guro: Paano kung may panahon na salat sa isda, may iba pa bang paraan ng pangingisda?

Mag-aaral:(may iba't-ibang kasagutan)

Guro: Paano kaya ito mapararami? Paano ba mag-alaga ng mga isda?

Mag-aaral:(may iba't-ibang kasagutan)

D. Pangkatang Gawain

Ang bawat pangkat ay magsasagawa ng isang kahalagahan dulot ng pag-aalaga ng isda. Maaari itong maikling palabas, kanta, sayaw, tula, o interbyu. (10 minuto pagpaplano)

E. Ebalwasyon

Rubrics (Score Card)

Guro: Sa araw na ito anu-ano ang natutunan ninyo tungkol sa pangingisda?

G. Takdang Aralin/Kasunduan

Magsaliksik ng iba pang makabagong paraan ng pangingisda.

Magsaliksik ng mga ipinagbabawal na paraan sa pangingisda.

Paghahanda at Pag-aayos

Pagpapaalam at Dasal

Ruth A. Arsenue

TCP (PRC Lic No. 1042051)

Mrs. Y. Quiambao

EPP 6 Cooperating Teacher

Principal Z. Ylarde

Practicum Teacher

Dr. G. Peralta

TCP Adviser